Ligtas sa coronavirus (COVID-19) ang inyong tubig mula sa gripo, ayon sa World Health Organization (WHO) at Centers for Disease Control and Prevention (CDC). Ang mga pag-iingat na dati na naming ginagawa upang maprotektahan ang kalidad ng tubig ay epektibo sa pagpapanatili ritong ligtas mula sa mga virus, pati sa COVID-19.

Bagama't nag-iipon kayo ng mga supply na pang-emergency sakaling kailanganin ninyong manatili sa bahay, gusto naming ipaalam sa inyong HINDI ninyo kailangang alalahanin ang inyong tubig mula sa gripo. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang **website ng Centers for Disease Control and Prevention**.

May mga isinasagawa rin kaming hakbang upang mapanatiling ligtas ang aming mga customer at empleyado. Bukod sa pagsusulong ng regular na paghuhugas ng mga kamay nang mabuti, pagtatakip kapag umuubo at bumabahing, at hindi paglapit sa iba, may mga isinasagawa kaming hakbang upang maiwasan ang anumang abala sa aming serbisyo.

Upang mabawasan ang paglapit sa isa't isa, isinara muna namin ang mga lobby ng aming Customer Center, ngunit narito pa rin kami upang maglingkod sa inyo. Kung may kailangan kayong bayaran, maaari ninyo itong gawin **online**, o maaari ninyong tingnan ang iba pang paraan ng pagbabayad ng inyong **bill**. Narito rin kami upang personal na tumulong sa inyo. Kung kailangan ninyo ng tulong sa mga oras ng negosyo, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono, email, o sa pamamagitan ng aming page na **MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN**.

Kung nagkakaproblema kayo sa pagbabayad sa bill ng inyong tubig, mangyaring makipag-ugnayan sa amin. May mga iniaalok kaming opsyon at extension sa pagbabayad upang makatulong. Bukod pa rito, pansamantala naming sinuspinde ang mga aktibidad sa pagsingil at ang pagputol ng mga koneksyon sa serbisyo sa mga residential na lugar para sa hindi pagbabayad, at ibinalik namin ang serbisyo sa mga account na naidiskonekta para sa hindi pagbabayad.

Ang pagkakaroon ng ligtas na maaasahang serbisyo sa tubig para sa pag-inom, paghuhugas ng mga kamay, at paglilinis ng mga surface ay isang mahalagang tool sa pakikipaglaban sa COVID-19, at gusto naming gawin ang lahat ng aming makakaya upang mapanatili ang aming mga customer at komunidad na ligtas at malayo sa sakit.